

## **Mensahe ni Bishop Otsuka sa Bagong Taon 2025**

### **Magsamasama tayo bilang mga Manlalakbay ng Pag-asa**

#### **Panimula**

Ganap nang binuksan ang Banal na Taon 2025 na may tema na “Pag-asa.” Ang Banal na Taon na ito ay mahalagang pagkakataon para sa Simbahan na maging saksi at magbigay ng pag-asa sa mundo. Bilang pagtugon sa napakaraming kaguluhan sa mundo, ang Papa Francisco, hiram ang mga salita ni St Paul na nagsasabing; “Ang Pag-asa ay hindi nangbibigo” (Rm 5:5), at kasabay nito, nanawagan siya sa mga Kristiyano na maging mga manlalakbay ng pag-asa na kumikilala sa kanilang pananampalataya, at nagiging mga buhay na saksi ng pag-asa sa mga taong nakapaligid sa kanila.

Sa aking taunang mensahe noong nakaraang taon, hinangad ko ang Synodal Church, at binalikan ang pinag mulan ng ating misyon, ang “Daan” at ang “Panuluyan” na nakabatay sa talinhaga ng Mabuting Samaritano ni Hesus (Lk 10:25-37). Ako ay naniniwala na ang Synodal na Simbahan ay hindi sarado sa mundo, na ito ay matutunghayan sa ating “samamang paglalakbay” kasama ng mundo, nakikipag tagpo at dayalogo kasama ang lahat na mga naghahangad na matunghayan ang katotohanan at mamuhay sa hinaharap.

Bilang pag tugon sa panawagan ni Papa Francisco sa Banal na Taon, sa paghahanda ng aking taunang mensahe, aking napagtanto, para saan at para kanino natin ibinabahagi ang ating pag-asa, lalo na sa kasalukuyang sitwasyon ng “Daan” at “Panuluyan” sa bansang Japan at maging sa buong mundo. Sa maikling liham na ito napaka limitado ng mga paksa na pupuwede nating matalakay, ngunit umaasa ako na ang mga mananampalataya sa Diyosesis ng Kyoto ay maging inspired na maging mga “Manlalakbay ng Pag-asa” at patuloy na mag lakbay kasama si Kristo Hesus, ang “Pinto ng Kaligtasan.”

#### **1. Si Kristo ay Sagisag ng Pag-asa**

Karamihan sa mga relihiyon, ang pag-asa ay napakahalagang sanhi ng pag-asa para sa mga mananampalataya, ito ay nagpapanatili na maging positibo sa kabila ng hirap na ating pinag daraanan. Para sa mga Kristiyano, ang pag-asa ay pagtitiwala sa Diyos, na nangako nang buhay na walang hangan sa pamamagitan ng Pasakit, Kamatayan at Muling Pagkabuhay ng Pangnoong Kristo Hesus.

Sa ating pagharap sa katuparan ng kasaysayan ng ating kaligtasan, umaasa tayo sa pag dating nang paghahari ng Diyos, na kung saan ang hustisya at kapayapaan ay magkakaroon nang kaganapan sa mundong ito. Sa pag-asa nalalampasan natin ang kahirapan sa buhay. Ang pag-asang maka Kristiyano ay nag bibigay ng lakas ng loob para harapin ang hinaharap at maging matatag sa buhay sa kasalukuyan. Sa Banal na Taon 2025, si Papa Francisco, ay ipinakilala na si Hesus ang “matibay at matatag na angkla ng ating buhay.” Si Kristo ay

nagbibigay ng pag-asa, ang angkla na nagpapatatag sa ating barko sa kabila ng mga bagyo na dumaraan sa ating buhay.

Ang Pag-asa ay isa sa *theological virtues* (kabutihan na may kinalaman sa Diyos” kasama ang panamaalataya at pag-ibig (cf. 1 Cor. 13;13; 1 Thes. 1:3). Si St. Thomas Aquinas ay nagkaron ng mga pangitain sa mga virtues na ito; “Ang Pananampalataya ang nagsisimula ng ating kaugnayan sa Panginoon, ang Pag-asa ang nagpapatuloy nito, at ang Pag-ibig ang kumukumpleto dito.” (cf. Summa Theologica). Sa pagkakasunodsunod nito, sa pananampalataya, nagkakaroon ng pag-asa, at sa pag-asa nagkakaroon ng pag-ibig. Sa Banal na Taon na ito, ipamahagi natin ang liwanag ng pag-asa sa pamamagitan ng pagmamahal na dulot ng pag-asa.

## **2. 80 Taon Makalipas ang World War II, naghahangad ng Mundong walang Sandatang Nuclear**

Ang pagdiriwang natin ng ika 80 taong anibersaryo ng pagtatapos ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig sa taong ito, ay napakahalagang pag kakataon na manalangin upang mawakasan ang nuclear weapons at magkaroon ng kaganapan mapayapang mundo na walang makapaminsalang armas. Sa pagdalaw ng Santo Papa sa Nagasaki at Hiroshima noong 2019, siya ay nanawagan ng mundong walang nukleyar na armas, na ang paggamit at pagkakaroon nito ay imoral. Tinuligsa niya at sinabi na ang paggamit at pagkakaroon nito ay taliwas sa pagpapanatili nang kapayapaan at ito ay nagsasayang ng pondo na pwedeng magamit para sa mas kapakipakinabang na bagay.

Ang Kalipununan ng mga Obispo sa Japan ay sumusuporta sa Kasunduan na hindi nagpapahintulot ng paggamit ng sandatang nuklear. Ang Japan ay kailangang matuto sa karanasan nang pagkawasak at pagkasira dulot ng armas nuklear, na sa pagkakamaling ito sa nakaraan ay maghangad na hindi na muli itong maulit pa.

Nawa makatangap tayo ng espesyal na biyaya dulot ng Banal na Taon at mapanatili ang ating pagnanais na wakasan ang digmaan at mapanibago ang ating pagnanais na mawakasan ang digmaan at mga hidwaan sa buong mundo, nang sa ganon matamo natin ang daigdig na walang armas nukleyar, mapangalagaan ang kapayapaan ng mundo at dignidad ng bawat tao.

## **3. Tulong para sa mga Refugee ng Ukraine**

Simula nang sakupin ng Rusya at Ukraina noong 2022, noong Disyembre 2023 ang Japan ay nakapagtala ng pagtanggap nang 2,718 na refugee mula sa Ukraina at ngayun oktubre 2024 base sa Immigration Agency meron nang 1984 na naging residente. Sa nasasakupan ng Diyosesis ng Kyoto meron nang naitala na 62 sa probinsya ng Kyoto, 13 Nara, 20 sa Shiga at 1 sa Mie. Ang gobyenro ay nag bibigay ng tulong pangkabuhayan at kaalaman sa Japanese, bagamat marami pa ding kabataan ang humaharap sa ibat ibang problema gaya ng pananatili o paglisan sa bayan, kawalan ng sapat na edukasyon at kawalan ng trabaho.

Manatili tayong maghangad ng katapusan nang hidwaan sa Ukraine at tumayo para sa mga Ukrainian na nagnanais na tumayo at maisaayos muli ang

kanilang bansa. Bagamat maraming mga local na pamahalaan na nagpapahiwatig ng pag tulong, patuloy tayong sumuporta sa mga pamilya ng mga Ukranian at kabataan sa pamamagitan ng pangangalap ng tulong at suporta galing sa kumunidad.

#### **4. Tulong sa mga taga Gaza**

Habang lumalawak at umabot na sa karatig bansa ang mga apektado ng problema sa Gaza, kalahati ng mga mamamayan ang humaharap sa gutom at kamatayan, ang mabilisang humanitarian na tulong ay kinakailangan. Ang Caritas Japan, Japan Committee for UNICEF, Japan Red Cross Society, UNRWA (United Nations Relief and Works Agency for Palestine Refugees in the Near East) at iba pa ay nagbibigay ng tulong medikal, malinis na tubig, sikolohikal na tulong, at mga materyales na pang bata.

Sa nagaganap na tesyon sa pagitan Palestina at Israel, pang matagalang dayalogo at negosasyon ang kinakailangan upang masimulan ang rekonsilyasyon para sa mapayapang pamumuhay. Ngayung Banal na Taon, manalangin tayo nang may pag-asa tungo sa rekonsilyasyon at kapayapaan sa pagitan ng dalawang bansa.

#### **5. Kasama ng mga Biktima ng Lindol sa Noto Peninsula**

Isang taon na ang nakakaraan nang nangyari ang lindol sa Noto Peninsula Bagong Taon noong 2024. Simula noon, patuloy pa rin ang pinsala dulot ng malalakas na pag ulan noong September. Ang support center ng Diyosesis ng Nagoya ay patuloy na nagsasagawa ng mga pagtulong sa mga nasalanta.

Sa mga apektadong lugar, habang ang mga mamamayan ay nakalikas, ang mga imprastraktura ay patuloy na inaayos, kailangan pa rin nila nang ating tulong na maisaayos ang kanilang buhay at ikabubuhay. Madalas na sinasabi ni Papa Fransisco, “No one can rebuild alone.” Kapag maraming nawala sa atin sa delubyo, kapag ang kahirapan ay sagad na, nawawalan tayo nang pananaw sa pag-ibig at awa ng Diyos

Sa mga nakaraang taon, ang Japan ay nakaranas ng madalas na pinsala dala ng madalas na paglindol at malakas na pag ulan. Magpatotoo tayo sa pamamagitan ng ating mga panalangin at pagkilos na si Kristo, na nagpasan ng mga pagdurusa ng lahat ng tao, ay laging kasama natin.

#### **6. Para sa mga Bata na walang Residence Card**

Noong 2023, ang Kapalungan ng mga Obispo sa Japan ay naglungsad ng kampanya na hinihimok ang gobyerno ng Japan na gawaran ng espesyal na pahintulot base sa makataong kadahilanan ang mga pamilya na walang residency status ang mga magulang na manatili sa bansa upang suportahan ang kanilang mga anak na may banyagang pinagmulan na nanganagnib na mapadeport.

Ang mga batang ito ay ipinanganak at pinalaki sa Japan at may karapatan na makapag aral, subalit sa kadahilanang wala silang residence card, hindi sila mabibiyayaan ng health insurance card o ang makapagtrabaho ng part time job, dahil dito nalilimitahan ang kanilang pamumuhay. Napabalita noong 2024, ang

gobyerno ay niribisa ang ilang alituntunin ukol dito, at nag simula nang mag issue ng permits sa mga batang ito.

Ang layunin ng Jubileo ay bigyang-pansin at suportahan ang mga tao na, dahil sa iba't ibang kadahilanan, ay dumaranas nang hindi pagkakapantay-pantay at hindi nakakatanggap ng mga pangunahing karapatan at kalayaan.

## **7. Pagsuporta para sa mga maling Naakusahan**

Sa Japan na may sistema ng death penalty, ang mga maling akusasyon ay isang napakaseryosong problema, ito ay dahil ang parusang kamatayan ay nag-aalis ng buhay at kung minsan ang mga inosenteng tao ay napapatay. Noong 2018, binago ni Pope Francis ang seksyon sa parusang kamatayan sa Catechism of the Catholic Church, na ito ay pag-atake sa dignidad ng tao. Sa Japan, na may death penalty, ang mga maling paratang ay isang seryosong isyu.

Sa ngayon sa Japan, limang nakasalang sa death row ang napawalang sala at nakalaya sa muling paglilitis. Sa ngayon walang malinaw na impormasyon sa tunay na bilang na humihingi ng retrial. Bagamat sa pagsusuri sa tulong ng DNA naipakita na 18 ang nahatulan ng kamatayan ang napatunayang walang kasalanan.

Bagama't hindi posible na ganap na mabayaran ang nawalang oras at sakit na mental ng mga nasasangkot, napapanahon na para pagbutihin ang mga paraan ng interogasyon at pagrepaso ng mga batas upang maiwasan ang sapolitang pag-amin, maiwasan ang mga maling akusasyon, at upang mapabuti ang batas kapag ang mga maling akusasyon ay ibinunyag. Ito ay kinakailangan upang mapabuti ang maling sistema.

Mula sa pananaw ng Katoliko, patuloy tayong umasa para sa hustisya kasama ng mga humihiling ng muling paglilitis, habang nananawagan para sa legal na reporma at pag-alis ng parusang kamatayan nang maiwasan ang maling pag-aakusa.

## **8. Pag-aalis ng mga Hadlang sa Lipunan**

Napakahalaga para sa mga maykapansanan na maka connect sa lipunan nang sa ganun ay makapamuhay sila na mag-isa. Ang *Act for Eliminating Discrimination against Persons with Disabilities* na pinag tibay noong 2016. Ito ay nagsusulong na alisin ang diskriminasyon sa larangan ng pisikal, intelektuwal at mental na kapansanan. Ito ay nag-aanyaya sa lahat ng mga mamamayan, may kapansanan man o wala, na hangarin na maisakatuparan ang lipunan na kung saan lahat ay naninirahan nang may pagkakaisa sa kabila ng kanikanilang pag uugali at pag katao.

Tayo ay may obligasyon na mag bigay ng maayos na matitirahan sa mga taong may kapansanan. Sa mga nakaraang taon, lumalawak kamalayan at ang pag sasabuhay ng konsepto ng D&I (Diversity and Inclusion) na rumirespeto sa lahat sa kabila ng kanilang pagkaiba iba ng pinagmulan, pananaw at tinitiyak na ang lahat ay mabibigyan ng pantay pantay na oportunidad, lalo na para sa atin na nag hahangad ng isang kapaligiran na kinabubuuan ng ibat ibang indibidwal, kasarian, edad, bansa, kinabibilangan, relihiyon na ang kapansanan ay tanggap, nirerespeto at nagpapahalaga ng kanilang pag kakaibaiba.

Upang mabawasan ang diskriminasyon, pagtangga, hindi pagkakaunawaan at maalis ang mga balakid sa lipunan, isulong natin ang barrier free access hindi lamang sa larangan ng pisikal maging sa pag-iisip at kamalayan.

## **9. Paglalakbay kasama ang mga Matatanda na Nagbibigay Kulay sa Buhay**

Si papa Francisco ay laging nagbibigay ng espesyal na konsiderasyon sa mga matatanda. Gawin natin ang ating “Paglalakbay ng Pag-asa” kasama ang mga may edad at hindi na makapunta sa simbahan dahil sa COVID pandemic.

Sa paningin ng Diyos, ang bawat buhay ay mahalaga. Ang mga may edad ay dapat magpatuloy na proud sa kanilang buhay. Bagamat maari silang maging balisa at natatakot sa maaaring mangyayari sa natitira nilang buhay at pagbaba ng kanilang nagagawa o kakayanan, ang mahalaga ay ang kanilang tapat na pagsisikap at hindi matatawarang paggawa ng pagmamahal na naipamalas nila sa buhay.

Sa kabilang banda, ang karunungan at karanasan ng mga mas nakatatanda ay mahalagang yaman para sa pamilya at lipunan, ang pagpapahalaga sa kultura ng respeto at pagkalinga sa mga may edad ay isang mahalagang responsibilidad para sa lahat ng henerasyon.

Dagdag pa rito, ang mga nagkaka edad na dayuhan na naninirahan sa Japan ay dumarami. Sa larangan ng nursing care at medical care, kailangan nila ng suporta na mapaglabanan ang mga balakid dala nang linguahe at kultura. Ibahagi natin ang pag-ibig at pag-asa ng Diyos, lalo na sa mga nalulungkot sa pamamagitan ng mga pagtitipon at selebrasyon na nagpapatibay sa lakas nang kumunidad ng simbahan.

## **10. Pag-unawa at Pagsuporta sa mga Manggagawa na Nangangalaga sa Matatanda**

Ang pag-aalaga sa mga matatandang nanghihina ay hindi madali. Nagiging mas mahirap ang pagsuporta sa mga pamilya dahil sa pagdami ng nuclear families o pamilyang binubuo ng mga magulang na kasamang namumuhay ang kanilang walang asawang anak o mga anak, at maging ang mga pamilyang naghahatihatid sa bayarin sa pangangailangan sa araw araw. Gayun din, ang sitwasyon ng pangangalaga sa mga refugee na hindi nakatangap ng karampatang pangangalaga, mga may edad na nangangalaga sa isat-isa, mga may dementia na sila pa din ang nangangalaga sa isat-isa, inaabusong may edad, at mga namamatay na mag isa ay nagiging ordinaryong pangyayari na lamang sa araw araw.

Ang pagmamahal at pagsisikap ng mga caregivers ay napakahalaga, subalit ang pangangalaga ay hindi isang pasanin na ginagawa ng iisang tao lamang. Sinabi ni Papa Francisco, sa mga kamay ng mga caregivers nararamdaman ang tinig ng Diyos. Upang maibsan ang emosyonal na pasanin ng mga caregivers, ang bawat pamilya at lokal na pamayanan ay magtulong tulong, suportahan at makapag dala ng pag-asa sa mga caregivers.

## **11. Tulong para sa mga Estudyante na hindi makapag aral**

Sa Diyosesis ng Kyoto, mayroong libreng paaral at suporta sa mga estudyante

ang Our Lady's Little School sa Maizuru City. Ang inyong lingkod ang nag sisilbing tagapangasiwa ng paaralan. Ang paaralang ito ay naiiba sa pagbibigay ng suporta sa bawat estudyante na ayaw na mag-aral sa pamamaraang matututo silang mamuhay mag-isa ging mapag-isa. Mayroong ding sapat na pakikipag ugnayan sa paaralang kanilang pinag mulan para sa kanilang learning evaluations.

Natunghayan ko na may mga bata na ginagawa nilang dahilan ng kanilang paglago ang kanilang mga karanasan ng pagiging out of school. Natututo nilang malampasan ang mga hirap sa pamamagitan ng pagharap dito at ang pagpapabuti sa kanilang pakikiisa at kakayahang pang komunikasyon. Ang mga magulang at tagapag alaga ng mga estudyante ay natututo ding rumespeto sa pananaw at damdamin ng kanilang mga anak sa pamamagitan ng malalim na dayalogo sa pagitan ng mga magulang at kanilang anak. Nawa ang bagay na ito na kinakiharap ng isang bata ay maging oportunidad sa paglago at matulungan din ang mga sumusuporta sa mga estudyante habang patuloy silang nangangalaga sa mga ito.

## **12. Pagmamahal para sa mga Batang Caregivers**

Ang bilang ng nuclear family ay nagiging pangkaraniwan, napakahirap para sa mga anak na makakuha ng suporta galing sa mga grandparents o ibang nakakatanda. Ang ilan sa mga anak ay labis labis na ang mga pasanin sa pag-aalaga araw araw para sa miyembro ng pamilya na may karamdaman o di kaya ay may mga kapansanan. Minsan ang mga anak ay hindi kumukonsulta sa iba maliban sa pamilya sa kadahilanang ayaw nilang malaman ng iba ang kanilang kalagayan o di kaya naman ay ayaw na nalang maging sanhi pa ng di pagkakaunawaan kaya naman sila ay napipilitan na maging mga batang caregivers na walang suportang natatangap.

Ang mga batang carers na ito ay nangangailangan din ng mga taong makakausap na may kilanalaman sa kanilang damdamin at mga pinag daraanan maging sa paaralan man o saan mang bahagi ng lipunan. Ang mga bata na nagmamahal sa kanilang pamilya at buong pagmamalaki sa kung ano mang role ang meron sila sa pamilya ay may karapatan din na mamuhay para sa kanilang sarili.

Bawat pamilya ay may kanya kanyang mga pagsubok na pinagdaraan, at nawa, sa tulong at pagmamahal ng mga tao na nakapaligid sa kanila, matagpuan din nawa nila ang pag-asa sa kanilang buhay.

## **13. Pangalagaan ang mga bata mula sa pagkasira ng Pamilya**

Kinakailangn na mapangalagaan ang mga bata sa tahanan na hindi kayang magampanan ang tungkulin ng pamilya dahil sa pang-aabuso at kawalan ng atensyon. Ang Children's Shelter and Children's Cafeteria ay nag bibigay ng konsultasyon para sa ibat ibang problemang pang pamilya. Ang gobyerno at ang NPO ay nag bibigay ng mga eksperto sa larangan nito sa pamamagitan ng pag uusap maging harapan man o maging sa telepono.

Si Papa Francisco ay nagpahayag ng matibay na pagtugon para sa mga bata lalo na ang mga apektado ng kahirapan at digmaan. Ang pinaka importanteng tungkulin ng tao ay ang siguraduhin na maprotektahan ang dignidad ng mga bata,

nang lumaki sila sa ligtas at mapagmahal na kapaligiran at mapangalagaan din sila bilang mga pag-asa ng kinabukasan.

#### **14. Hindi pagkakapantay pantay sa lipunan at ang kahirapan sa mga Kabataan**

Habang ang hindi pagkakapantaypantay sa lipunan sa Japan ay lumalawak, ang mga kabataan ay napapansin ang dibisyon sa pagitan ng mayaman at mahirap depende sa katayuan sa lipunan, na hindi matanggap na maaari silang makaangat sa buhay sa kanilang sariling pag sisikap.

Ang ganap na kahirapan, ay higit na nakikita sa mga umuunlad na bansa, at relatibong kahirapan, na nakikita sa mga bansang tulad ng Japan. Sa Japan tumatayang 1 sa 6 na bata ay namumuhay sa relatibong kahirapan. At ayon sa Children's Cafeteria, ang ilan sa mga ito ay nagtatanong "Bakit ako?" pero minsan tinatanggap na lang ang katotohanan at sinasabing "Ano naman ngayun?"

Ang makawala sa kahirapan, ang suporta sa mga mahina at ang mga pamamaraan para mabigyan ng pag-asa ang mga kabataan na apektado ng hindi pagkaka pantaypantay ay napakahalaga sa lipunan. Humanap tayo ng mga pamamaraan na makatulong sa mga kabataan.

#### **15. Pag suporta sa mga taong may pagkagumon**

Si Papa Francisco ay nag pakita ng pakikidamay para sa mga nahihirapa na labanan ang pagkagumon sa alcohol, sugal, pornograpiya, internet at iba pa, at nagpadala din siya ng mga sulat at mensahe para sa kanilang pamilya at sa mga tumutulong sa kanila.

Gamit ang network ng mga simbahan, ang Japan Catholic Committee on Addiction (JCCA) ay patuloy na sumusuporta sa pamamagitan ng pag aalay ng mga pasilidad para sa kanilang pagbangon gaya ng DARC sa pakikipagtulungan ng local na komunidad. Dagdag pa dito, maraming mga simbahan ang nagbibigay ng lugar para sa mga pagtitipon ng mga AA (Alcoholic Anonmous), isang self-help na organisasyon para sa mga nagrerekober sa pagkagumon sa alcohol habang pinahahalagahan ang privacy at pagkakakilanlan ng indibidwal.

Ang pagkagumon ay hindi isang bagay ng kalooban, ito ay isang sakit na nangangailangan ng paggamot at pagpapayo. Ang pagbawi ay hindi isang paglalakbay na gagawin mo nang mag-isa, ito ay kasama ang mga kaibigan at pamilya. Manalangin tayo para sa pag-asa para sila ay makabawi at muling makasama sa lipunan.

#### **16. Ang Panawagan sa Mahalagang Ekolohiya**

Sa kanyang Encyclical na "Laudato Si" ginamit ni Papa Francisco ang "mahalagang ekolohiya" base sa buhay ni St Francis ng Assisi. Ito ay kabuuang ekolohiya na hindi naghihiwalay sa ibang aspeto ng katauhan, sa halip isinasama nito ang ating kaugnayan sa kalikasan, bawat isa, at ang ating ugnayan sa Diyos. Bilang Kristiyano, binibigyan natin ng pansin ang ibat ibang isyu na may kinalaman sa kalikasan sa pamamagitan ng ecological conversion, pagbabalik

tanaw sa ating mga ginagawa sa buhay at pagpapanibago ng ating pamamaraan ng pamumuhay.

Noong 2024, ang Kalipunan ng mga Obispo sa Japan o CBCJ ay nag lathala ng *Behold It Was Very Good*, upang mapalalim ang ating pang unawa sa kahalagahan ng ekolohiya na nag aanyaya din na isabuhay natin ito. Dito, ang pananaw natin sa mundo ay “ating common na tirahan” at nang makita ang yaman ng sannilikha at ang sari saring isyu na pangkapaligiran.

Ang paglalakbay sa Banal na Taon ay isa ding paglalakbay na pangalagaan ang ating inang kalikasan.

### **17. Pagbuo ng Kinabukasan ng Simbahan kasama ang mananampalataya ng ibang Bansa**

Marami sa mga parokya ang naging Sinodal na simbahan na kung saan ang mga mananampalataya kasama ang mga dayuhan ay nabibilang sa komunidad ng parokya, nakikiisa sa mga responsibilidad at lumalampas sa ibat-ibang pagkakaiba sa wika at kultura.

Ang mga migrante ay hindi lamang naghahangad ng maayos at maranyang pamumuhay kundi isang maayos na at matatag na pamumuhay. Nag nanais din sila na mapangalagaan ang kanilang pinagmulan at relihiyosong paniniwala at maipamana din ito sa mga susunod pang henerasyon kahit na sila ay naninirahan sa ibang bansa.

Sa Diyosesis ng Kyoto, ang mga Katoliko sa ibat ibang bansa sa Asia gaya ng Pilipinas, Vietnam, Indonesia, Korea at China, gayun din ang mga bansa sa Latin Amerika gaya ng Brazil, at Peru ay napalalim ang ugnayan at binigyang buhay ang mga parokya. Naging mga tulay sila ng isang synodal na simbahan. Ang magkaroon ng mga miyembro sa simbahan na nagmula sa ibat ibang panig ng mundo, na aktibong nakikiisa sa mga programa ng simbahan at nagpapakita ng pangunguna mula sa banyagang mananampalataya, ninanais din natin na madevelop ang komunidad na kung saan ang diverse na lidership ay naipapakita.

### **18. Maria and Tala ng Pag-asa**

Sa diwa ng Synod, Ang simbahang Katolika ay bukas para sa lahat. Sa panahon ng Artificial Intelligence (AI), ang Diyosesis ng Kyoto ay nag papabatid ng pag-ibig ng Diyos sa diwa ng pag-asa sa pamamagitan ng pag tayo sa katotohanan at pag promote ng diwa ng hustisya, kapayapaan, pag-ibig, pagkakapantay pantay at tolerance.

Ang barko ng Diyosesis ng Kyoto, na siya ko ding opisyal na coat of arms bilang obispo ay tumawid sa mabagyong karagatan. Patungo sa Ama, ginagabayan ng Birheng Maria, ang tala ng Pag-asa, sa misteryo ng krus ni Hesus, na siya A (Alpha) at ang O (Omega) ang simula at ang katapusan.



Sa aking pag alala sa kinabukasan ng Diyosesis ng Kyoto, kailangan na unawain at umasa tayo maging sa kasalukuyan nitong sitwasyon. Maging sa mahirap na paglalakbay, kung tayo ay maglalakbay na magkaisa ang ating mga puso nagpapasalamat at nagtitiwala sa Panginoon na kasama natin na nagbibigay sa atin ng lakas.

Mga kapatid ko sa Diyosesis ng Kyoto, tanggapin natin ang biyaya dala ng Banal na Taon, panatag sa ating pagtawag bilang mga misyonaryo, at maging mga manlalakbay para sa lahat.

✠ Paul Yoshinao Otsuka  
Bishop of Kyoto

Solemnity of Mary, Mother of God  
January 1, 2025